

Sa diborsyo o kamatayan ng inyong asawa, paano na ang inyong bisa?

Mahahalagang impormasyon tungkol sa inyong bisa sa Japan

Pumunta at magsumite ng dokumento sa imigrasyon sa loob ng 2 linggo

Bilang asawa ng isang Japanese o asawa ng permanenteng residente ang inyong estado ng paninirahan sa bansa, sakaling maghiwalay o kaya'y mamatay ang inyong asawa, ano ang mangyayari sa inyong paninirahan at sa inyong bisa?

Depende sa ibinigay sa inyong bisa nang kayo ay ikasal, maaaring magpalit ng bisa para sa tuloy-tuloy na paninirahan sa bansa.

Kung kayo ay naghiwalay o kaya'y namatay ang asawa, kinakailangang magparehistro ng diborsyo o kamatayan sa loob ng 2 linggo sa tanggapan ng imigrasyon.

Sa pagbabago ng batas ng immigration control simula 2012, sinuman na may resident status bilang asawa ng Japanese o asawa ng isang permanent resident ay kailangang magpalit ng status of residence sa loob ng 6 na buwan, kapag nahiwalay o namatay ang asawa. Sa lumang batas, maaari manatili sa bansa hangga't hindi pa lumilipas ang bisa kahit hiwalay na sa asawa o kaya ito ay namatay na. Sa ngayon, sa loob ng 6 na buwan kailangang magdesisyon at gumawa ng aksyon para sa pag-apply ng iba pang bisa sa tanggapan ng imigrasyon.

Kung ang inyong bisa ay permanent resident, hindi na kailangang magpalit ng bisa kahit nahiwalay o namatay ang asawa. Maaaring manirahan sa bansa gaya ng dati at kahit na mag-asawa pang muli ay mananatiling permanent resident ang inyong status.

Sakaling may anak na Japanese citizen at wala pa sa tamang edad, (o permanent resident sa Japan) sa iyong hiwalay na asawa o namatay na asawa, at ikaw ang tumatayong guardian ng bata, maaaring mag-apply at magpalit ng bisa para sa long term resident.

Bago magpalit ng residence status, kailangang may trabaho para masustentahan ang sarili

Sakaling walang anak at tatlong taon ng kasal at nagtrabaho, maaring makapag-apply para sa residence status na long term resident. Kailangang magsumite ng sertipikasyon ng pagkakaroon ng trabaho at payslip ng isa o dalawang buwan.

Kung wala pang tatlong taong kasal at may bagong kinakasama na Japanese, o kaya may residential status bilang permanent resident, long term resident o may working visa, at gusto ninyong magpakasal muli sa kinakasama, maaaring magpapalit ng residential status sa kadahilanang muli kayong ikakasal. Subalit, dito sa Japan, ang mga babae, kailangang maghintay ng 6 na buwan matapos ang diborsyo bago magpakasal muli. Gayundin sa kaso ng mga Pilipina, kailangang maghintay ng 6 na buwan matapos maghiwalay. Samantalang ang mga Chinese nationals ay maaaring magpakasal kaagad pagkatapos ng diborsyo, mag-sumite lamang sila ng medical certificate ng pagkakaroon ng medical check-up.

Sa alin mang mga sitwasyon, may mga alalahanin sa pagpapalit ng bisa matapos ang diborsyo o kamatayan ng asawa. Magandang magsangguni sa isang abogado o may kaalaman sa batas ng bansa bago gawin ang desisyon ng pagpapalit ng bisa. Mahalaga rin ang paghahanda at pagkakaroon ng trabaho bago ang pagpapalit ng residential status.

Pag-uulat ni : Miho Fujibayashi, administrative scrivener

Alam ba ninyo na may strawberry farms sa Fujimi City?

Ang pamimitas ng strawberries sa mga taniman sa Chichibu City ay tanyag sa Saitama. Subalit ito ay malayo kaya'y naghanap kami ng strawberry farms na malapit para sa mga nakatira sa ating area. May dalawang strawberry farms dito sa Fujimi city:

***Ichigo no Hatake Fujimi:** 385 Nitta, Nanbata, Fujimi-shi, Tel. 080-5861-4115

***Fujimi Strawberry:** 1083, Katsuse, Fujimi-shi, Tel. 080-4125-0283

Maaaring mamitas at mamili ng strawberries dito hanggang sa Mayo. Ang farms ay isasara matapos mapitas ang mga hinog na strawberries. Ayain ang pamilya at tayo ng mamitas ng matatamis na strawberries! Tumawag at siguraduhin din kung sila ay bukas.



Maari nang magkonsulta o humingi ng pagpapayo sa Fujimi City Hall

Sa Fujimi City Hall, mag-iisang taon na rin ang consultation corner ng FICEC (Fujimino International Cultural Center). Ito ay mas malapit at madaling puntahan kaysa sa pangunahing tanggapan ng FICEC. Sana ay maraming dayuhan ang gumamit at mabigyan ng serbisyo ng pagkonsulta at pagpapayo.

Ito ay bukas tuwing Miyerkules mula 9:00 to 12:00. Tel. 049-251-2711

Nasa Facebook ang Fujimino International Culture Exchange Center (FICEC)

Maaaring makita ang mga aktibidades ng FICEC sa Facebook. Sa ngayon, ito ay nasa Japanese version, subalit kung marunong ng konting Nihonggo, tingnan at maaaring magsulat ng komento o kaya i-“Like” ang pahina. Makikita ang iba’t ibang programa, mga ebento at iba pang mga gawain ng FICEC.



Pagdiriwang ng Girls' day sa Japanese language class sa March 6.



Sa Japanese language class ng FICEC, isinasagawa din ang iba’t ibang pagdiriwang o mini festivals. Noong Disyembre, gumawa kami ng soba noodles at sama-samang kumain sa pagdiriwang ng pagtatapos ng taon. Ang Hina Matsuri o Girls' Day ay ipinagdiriwang tuwing Marso 3, pero ito ay gagawin sa Japanese Class sa Marso 6. Kasabay ng pag-aaral ay ang pagtalakay ulol sa istorya ng Hina Matsuri. Libre ang pagsali kaya halina't isama din ang mga kaibigan. May konting pagsasalo-salo at pagkuha ng litrato kasama ang mga magagandang Hina dolls.

www.ficec.jp/living/

•Tingnan din ang Gabay sa pamumuhay na nakasalin sa anim na wika.